# Pagbalangkas sa Arkitekturang Filipino: Alternatibong Kritikal na Tema sa Historyograpiyang Arkitektural

Edson Roy G. Cabalfin

> "While each tradition, like each historical period, is in fact distinct, and while the shift from one period to the next involved the termination of the status quo and the introduction of a new system as well as new concerns, the history of Philippine Architecture should not be seen in terms of discontinuities, but rather as a continuum."
>
> —*CCP Encyclopedia of the Arts: Philippine Architecture*, 1990

## ABSTRACT

*There is a need to restudy and reframe the methodologies we use to present the history of Filipino Architecture. The paper is rooted in the idea that the current approach to historiography of Filipino architecture renders architecture itself irrelevant and detached from the students of architectural history. Postcoloniality is seen here as a conscious break from traditional notions of historiography and a means of empowerment for the marginalized. In Filipino Architecture, this implies a non-elitist and anti-auratic approach in looking at architecture. Furthermore, there is also a shift in looking at architecture not just as mere* products*, but more importantly as a* process*. In lieu of the popular diachronic-historic approach to architectural history writing, a* synchronic-thematic *system is proposed. To understand further the relevance of architecture to the lives of the Filipino, five critical themes were proposed as alternative ways of looking at architecture. The themes are: Architecture as Signifier of Places and Settings; Architecture as a Mode of Signifying Meaning; Architecture as Process of Creativity; Architecture as Adaptation and*

*Adjustment to the Environment; and Architecture as Sites of Power Relations. With these critical themes, Filipino architecture is seen as a means of empowering the Filipino instead of being the source of oppression.*

## PAMBUNGAD

### Pagkawing-kawing: Arkitektura, Kasaysayan, Pagkakakilanlan

Madalas nating marinig ang kasabihan na ang hindi marunong magpahalaga sa ating nakaraan at pinagmulan ay hindi makakausad sa panghinaharap na mga adhikain. Bagamat nagiging palasak ang ganitong sawikain sa pagbanggit ng usapin ng kasaysayan, hindi pa rin natin lubusang maipagkakaila ang pagpapahalagang ipinapahiwatig nito. Palagi pa rin nating naipagkakawing ang kahalagahan ng pag-unawa ng ating sariling kasaysayan maging sa paglinang ng tinatawag na Arkitekturang Filipino, o yaong arkitekturang nakabatay sa saloobin, karanasan, kaisipan, at pagpapahalagang Filipino (kung iaayon natin ito sa mga kaisipan ng Pilipinolohiya). Nagsisilbing pundamental na pangangailangan ang pag-unawa na ito sa ganap na pag-usad natin sa mga kontemporaryong usapin at diskurso. Samakatuwid, ang kasaysayan ay mahalagang sangkap sa pagbubuo ng pagkakakilanlan ng isang tao, bansa, o obheto. Hindi maihihiwalay sa usapin ng kasaysayan ang usapin ng identidad sa arkitektura dahil magkadaop ang dalawa sa tuluyang pagbubuo nito. Sa pagbuo ng kasaysayan, ang identidad ang nagtatakda ng landasing babagtasin; sa pagbuo ng identidad, ang kasaysayan ang nakapagsasabi ng ugat na pinanggagalingan. Ang Arkitekturang Filipino, kung gayon, ay kinakailangang nakaugnay sa magkakawing na usapin ng kasaysayan at pagkakakilanlan.

Subalit, isa sa kapansin-pansing kaganapan sa pagbubuo ng historyograpiyang arkitektural (ang pamamaraan ng pagsalaysay sa kasaysayang arkitektural), ay ang malakas na pagkiling pa rin sa mga kanluraning simulain. Mapupuna ito sa mga popular na batayang babasahin para sa kolehiyo. Kung kaya't, ang naituturo at naipapasang batayang kaisipan sa mga mag-aaral ay kanluranin ang oryentasyon. Madalas pa ring sabihin na sa pagpapahayag ng kasaysayan, kapag puro datos (tulad ng mga petsa, kaganapan, tauhan, at lugar) ang binabanggit, nasasabi na "obhektibo" ang kasaysayan. Halintulad sa

pagpapahayag ng kasaysayang arkitektural, ibig sabihin ba na kapag mga datos lamang ang natatalakay, nagiging "obhektibo" na rin ang pagturing dito? Hindi obhektibo ang pagpapahayag ng kasaysayan. Laging nakapaloob dito ang masalimuot pa ring dinamika ng mga balakin ng manunulat. Ang pagsalaysay ng kasaysayan ay palaging magiging subhektibo at ayon sa pananaw ng nagsasalaysay. Sa umpisa pa lang, kikilalanin na natin dapat ang subhektibong katangian ng historyograpiya.

Bukod pa rin sa pagkilala ng subhektibong pagkiling ng historyograpiya, tumitingkad din ang pagbuo ng mga makabagong parametro at batayang angkop sa ating sariling kondisyon, karanasan, at konteksto. Sa historyograpiyang arkitektural, ang pagkakaroon ng kritikal na mga batayang kaisipan ay nagiging isang mabisang pamamaraan ng pagpapalawak ng usapin ng arkitektura. Mayroong matinding pangangailangan, samakatuwid, ng isang pagbabago ng kaisipan at oryentasyon sa historyograpiyang arkitektural. Ang kinakailangang transpormasyon na ito ay nakikita bilang lubusang paghahanda sa mga mag-aaral ng arkitekturang Filipino na maging kritikal sa mga pagbabagong nagaganap sa lipunan. Umaayon pa rin sa kinakailangang kritikal na pagtingin sa kasaysayan ang pag-unawa ng sariling pagkakakilanlan.

## KASAYSAYANG ARKITEKTURAL SA ARKITEKTURA AT KULTURANG FILIPINO

Ang salitang *kasaysayan* ang katagang ginagamit kapag tinutukoy natin ang naratibo ng ating nakaraan. Sa Ingles, ginagamit ang salitang *history*. Subalit kakaiba pa rin ang salitang *kasaysayan* sa katagang *history* dahil sa hindi lamang ito isang naratibo o kuwento. Mapupuna na ang ugat ng salitang kasaysayan ay *saysay,* nangangahulugang may "kabuluhan" at "kahalagahan" ang isang bagay. Ipinaliwanag ito ni Jaime Veneracion:

> Kasaysayan ang tawag natin sa isang makabuluhang paglalarawan ng nakaraang salinlahi. Sa antas ng pambansa, paglalangkap ito ng mga karanasang may pagkakaiba-iba lamang sa panahon at uri ng lugar ng pinangyayarihan (bundok, kapatagan at tabing-dagat) ngunit ito ay may kaisahan sa pagsasaisip sa masalimuot na direksyong patungo

> sa pagbubuo ng bayan . . . Higit sa ibang konseptong mapupulot sa mga dayuhan, mas mayaman pa nga ito sa kahulugan sapagkat ang binibigyang pansin nito ay "kabuluhan" o "saysay" at hindi lamang ang ideya ng panahong nakalipas at ang pagsasalaysay na nakasulat. (Veneracion:1983)

Mayaman, samakatuwid, ang pakakahulugan ng mga Filipino ukol sa ating pagtingin sa nakaraan, sapagkat nakakabit pa rin ito sa kasalukuyan at sa hinaharap. Kaugnay dito, ang kasaysayang arkitektural ay maaari rin nating unawain hindi lamang bilang isang salaysay, kundi bilang manipestasyon ng adhikain ng bayan. Sa kasaysayang arkitektural, natural na arkitektura ang nagiging partikular na pokus ng gayong pakakahulugan. Para sa pagbubuo ng arkitekturang Filipino, nagiging mahalaga ang kasaysayang arkitektural sa mga sumusunod na dahilan.

*Una, ang kasaysayang arkitektural ay isang guro.* Bilang isang dokumentasyon na rin ng mga nakaraang gusali at istruktura, makikita natin ang mga partikular na tugon sa mga partikular na kondisyong hinarap at hinaharap ng mga tao. Kung ang arkitektura ay titingnan bilang isang solusyon, ang kasaysayan ay bukal ng mga potensyal na kaisipan na maaring gamitin sa mga panghinaharap na mga problema.

*Ikalawa, ang kasaysayang arkitektural ay kaban ng pamana.* Upang lubusan ang pag-unawa sa ating sariling nakalipas, ang kasaysayan ay isa ring sisidlan ng pamana ng salinlahi. Ang pamanang ito ay naipasa sa atin at kinakailangang maipasa din sa susunod na mga henerasyon. Alalahaning bahagi ng ating pagkakakilanlan ang mga pamanang arkitektural. Ang mga istrukturang ito ay mga testamento sa naging pakikihimok, pakikipagtunggali, pakikibagay, at pagdiriwang ng mga Filipino. Bahagi, kung gayon, ang pamanang arkitektural ng ating pagkatao bilang Filipino.

*Ikatlo, ang kasaysayang arkitektural ay isang continuum.* Ang kasaysayan ay hindi lamang nakaraan, bagkus ay may malakas na ugnayan sa hinaharap na panahon. Bilang isang continuum, ang arkitektura natin ngayon ay makikita natin bilang pagpapatuloy ng nakaraan. Hindi umuusbong ang kasalukuyang arkitektura mula sa

kawalan kundi ay naging resulta ng iba't ibang puwersa tulad ng pagbabagong kultural at historikal sa lipunan. Ang kasaysayang arkitektural ay isa ring pagpapamalas ng pagbabagong sosyo-kultural, kung kaya't sa pag-unawa ng kasalukuyang arkitektura, hindi maaaring itatwa ang nagiging pagsibol nito mula sa mga partikular na kondisyong humubog sa nakaraang arkitektura. Palagiang itinatali ang diskurso ng kasalukuyang arkitektura sa diskurso ng nakaraan.

## HISTORYOGRAPIYANG ARKITEKTURAL: IBA'T IBANG MUKHA

### Pinagtagpong Usapin ng Postcolonial at Historyograpiya

Dulot ng karanasang kolonyal at ang kadalasang mapaniil na dulot nito, naging natural ang paghanap ng ibayong kaparaanan kung paano tutugunan ang gayong puwersa. Kinailangan ngayon ng alternatibong pananaw at diskurso na maaaring magligtas sa tila walang pag-asang sitwasyon ng mga nakolonisa. Dito ngayon pumapasok ang *diskursong postcolonial*. Ang mga pag-aaral ayon sa usaping postcolonial ay sinasabi na umuusbong at may malaking kaugnayan sa usaping colonial. Kung mayroong sandamukal na depinisyon ang nasyonalismo, gayon din karami ang pakakahulugan ng postcoloniality. Subalit para sa pag-aaral na ito, mas gagamitin ang depinisyon na ipinahayag ni Ania Loomba (1998). Aniya, ang salitang postcolonial ay makikita sa dalawang aspeto: una, ang salitang *post* ay nagbabadya ng kapanahunang matapos ang kolonyal na karanasan; ikalawa, ang *post* bilang kataga ay tumutukoy rin sa pag-alpas ng usaping kolonyal (7). Wika pa niya:

> It has been suggested that it is more helpful to think of postcolonialism not just as coming literally after colonialism and signifying its demise, but more flexibly as the contestation of colonial domination and the legacies of colonialism. (12)

Mahalaga para sa atin, sa aking palagay, ang operasyon ng pag-alpas at ang pagbagtas tungo sa mga usapin ukol sa kung paano natin maaaring kwestyunin at hamunin ang mga istrukturang kolonyal na nanatili pa rin sa ating bansa kahit na wala na ang kolonisador. Mahalaga ang pagkakataon na ito, lalo na sa mga tinatawag na *neocolonization* na laganap sa kasalukuyang lipunan at kultura.

Bahagi ng diskurso ng postcolonial ang pagtatakda ng alternatibong mga pananaw at kaisipan laban sa mga kanonikal na mga kaisipang umaayon sa Euro-Amerikanong tradisyon. Hindi naman sinasabi na palibhasa galing sa "kanluran" ay maituturing na agad na "masama," subalit mas mabuting isipin na kinakailangan ang pagiging kritikal sa mga pananaw na ipinapataw sa atin lalo na kung ang mga kaisipang ito ay nagsasantabi sa mga sistemang kultural ng mga kinolonisa. Banggit ni Legasto:

> Postcolonialism critiques Western hegemony which has legitimized colonialism and has continued to marginalize cultural production/knowledges of colonials and former colonials. (6-7)

Mahalaga rin dito ang kaisipan ni Antonio Gramsci ukol sa *hegemony*. Para sa kaniya, hindi kinakailangan na pinupuwersa ang pagtanggap ukol sa sariling identidad at pagkatao. Sa katunayan, mas lubos na nagiging epektibo kung maluwag na tinatanggap ng tao ang sitwasyon. Dito, tila pinapalabas na ang posisyon sa lipunan at ang pagpapalakad ng pamunuan ay naturalisado. Isa itong impluwensiyang di-puwersado. Kadalasan, ang lunan ng pagtatagpo at tunggalian ay sa kaganapang kultural (Childs at Williams 231). Kasama dito, ayon kay Gramsci, ang paggamit ng sentido komun ng tao. Dahil sa buong kalooban ang pagtanggap ng tao, mas nagiging mabisa itong pagpapalaganap ng kaisipan at kalagayan. Sa kasalukuyang konteksto, makikita natin na sa dahilang ang kinamulatan na mga sistema at istruktura ay yaong mula sa mga kolonisador, natural ang pagturing sa mga iyon. Kung kaya't mas lubos pa ring napapanatili ang kontrol ng mga kolonisador dahil sa mga sistemang napasaloob na. Dahil sa kinamulatan nga ang mga ito, hindi ito ngayon nahahamon o nakwekwestyon. Mahalaga bilang paghamon sa gayong nakapaloob na mga sistema ang usaping postcolonial. Hinihiling ang mga kritikal na lapit sa pagtuligsa, pagkritiko, at pagsuri ng sariling kalagayan bilang bahagi ng usaping postcolonial.

Sa pagtalakay ng postcolonial, isa sa madalas na lumalabas na tema ay ang operasyon ng *recuperation* o ang pamamaraan kung saan ay ating naibabalik o nakukuha muli ang dating lakas o kapangyarihan (Roxas-Tope 31). Dahil sa sinasabi na ang kolonyal na karanasan ay nakapagdulot ng mapaniil at mapanupil na mga

sistema sa lipunan, kinakailangang magkaroon ng pagtamo muli ng dating lakas. Katulad ng isang katawan na nawalan ng lakas matapos ang patuloy na paglabas ng enerhiya, kinakailangan ang ibayong pagtamo ng lakas, upang maibalik sa dating kalagayan. Gayundin sa kolonyal na karanasan. Ang postcolonial na diskurso ay isang proseso ng rekuperasyon. Bukod pa dito, kung dati ang mga isinasantabi ay binawian ng lakas, ngayon, nakikita din ang kinakailangang pagbibigay ng kapangyarihan. Kapangyarihang itaguyod at ipagpunyagi ang sarili, laban pa rin sa dating sistemang mapanupil. Ang dating nawalan ng boses ay binibigyan ng boses, ang dating isinasantabi ay ibinabalik sa loob, ang dating "othered" ay nagiging bahagi muli ng nakararami (Roxas-Tope 39). Samakatuwid, mahalagang talakayin ang usaping postcolonial, lalo na kung paano natin maaaring ibalik muli ang nawalang kapangyarihan. Isa itong tahasang paghanap ng alternatibong pananaw at isang malay na proseso ng pagtamo ng nararapat na kapangyarihan. Gayunpaman, mas lubos itong nagiging makabuluhan sa mga itinuturing natin na "other."

Kung bubuo man ng diskurso laban sa mga usapin ng homogenisasyon at mapanglahat na pananaw ukol sa identidad, ang rekuperasyon na magaganap ay isang pagtaliwas sa gayong mga kaganapan. Mas titingnan, kung gayon, ang identidad hindi bilang isang "iisang pambansang pagkakakilanlan" bagkus mas uunawain ito bilang pagsasama-sama ng iba't ibang pagkakakilanlan. Ang pagsama-sama ng identidad, tulad ng mga sangkap sa halo-halo, ay may kanya-kanyang partikular na katangian, subalit nagkakaroon ng sariling buhay at bukod-tanging karakteristiko kapag naghahalo. Bagaman tila nagiging kailangan ang pagkakaroon ng homogenisasyon ng pagkakakilanlan sa pagbubuo ng isang pambansang identidad, nakikita ngayon sa usapin ng post-colonial ang dinamika ng identidad. Kung dati, ang identidad ay nauunawaan bilang isang hindi nagbabago na entidad, ngayon sinisipat na ito bilang isang dinamikong kaganapan. Kung dati-rati, ang identidad ay itinatakda ng isang nakapangyayari na grupo o ng estado, kaiba pa rin ang pag-unawa sa identidad bilang nagmumula sa madla at sa mga partikular na kondisyon. Ang bawat isa, sa ngayon, ay nabibigyan ng pagkakataong matamasa ang sariling identidad, hindi umaasa sa iisang kapangyarihan o pinagmumulan. Kung dati, ang identidad ay nakikita bilang iisa, konkreto, at nailagak sa isang kinahong depinisyon, ang pagkakakilanlan ay mas mabuting unawain bilang

malaya, hindi estatiko, plural, marami, at iba't iba ang maaaring magtakda ng kabuluhan nito. Wika nga ni Roxas-Tope: *"Identity therefore must be regarded as a process rather than an artifact or outcome."* (213).

Bukod sa pagkakakilanlan bilang usaping tumitingkad sa *postcolonialism*, nagiging mahalaga din ang diskurso ng kasaysayan at ang historyograpiya. *Historyograpiya,* o ang pamamaraan ng pagsusulat at pagsalaysay ng mga pangyayari at kaganapan, ay bahagi ng usapin ng kasaysayan. Kung may mga datos tayo ukol sa mga pangyayari ng kasaysayan, mayroon din namang pamamaraan ng naratibo ng gayong mga datos. Bagamat ang mga datos na iyon ay maituturing nating neutral at obhektibo, ang pagkuwento at pagpapahayag ng mga datos na iyon ay hindi neutral, bagkus ay may pagkiling. May pagkiling sapagkat sumusunod ang naratibo sa partikular na balakin o agenda ng manunulat. Kung nakikita ang naratibo ng pagbubuo ng bansa bilang lugar ng pakikipagtunggali, madalas na ginagamit ang ganitong sistema sa pagpapalaganap ng propaganda. Ang kasaysayan, at ang naratibo nito, ay nagagamit ngayon bilang pamamaraan ng kolonisasyon—sa pamamagitan ng pagtanghal sa kasaysayan bilang iisa at mapanglahat. Mayroong nabubuong iisang *grand narrative* ng kasaysayan. Tinalakay ito ni Roxas-Tope:

> By presenting a unitary, 'value-free,' 'scientific' history, the colonizer has been allowed to construct a singular perception of the world, invincible in its objectivity and may be questioned only by more science. (118)

Tulad ng agham, na dati ay pinapahayag bilang isang "obhektibong" sistema, ang kasaysayan ay ginagamit ng mga kolonisador upang maisantabi ang alinmang bagay na hindi sumusunod sa kanilang sariling mga parametro at konsepto. Kung kaya't dahil sa gayong iisang naratibo, tulad sa usapin ng identidad, ay may nagaganap na "othering."

Samakatuwid, sa usaping postcolonial, mahalaga ang usapin ng historyograpiya bilang pamamaraan ng "recuperation" din. Muli, iniiwasan ang hegemoniya sa naratibo ng kasaysayan—yaong pinapalaganap ng kolonisador bilang "iisa at obhektibo." Kung dati-rati mas umiigting ang kasaysayan ayon sa mga parametrong itinalaga

ng kolonisador, ngayon, hinihingi ang pagbubuo ng ating sariling parametro sa pagtalakay ng kasaysayan. Kung babalikan natin muli ang kahulugan ng katagang *kasaysayan,* mas lubos na binibigyan ng kahalagahan ng konsepto ang "kabuluhan" o "saysay." Maitatanong natin kung para kanino nagiging makabuluhan ang kasaysayan? Para ba sa kolonisador o para sa tao mismo na gumagalaw sa loob ng kasaysayang ito? Gayunpaman, ang pagbubuo ng sariling historyograpiya ay isang malay na pamamaraan ng pagdagit ng lakas at kapangyarihan mula sa kolonisador. Ang kasaysayan at historyograpiya ay hindi natin maipagkakailang napakalakas na puwersa, kung kaya't bakit natin hahayaang gamitin ito ng kolonisador para sa kanilang mga sariling balakin. Paano nagiging mahalaga ang postcolonial dito? Wika pa rin ni Roxas-Tope: *"Postcolonial discourse shows one way by which the historically dispossessed can reinscribe himself/herself into the historical narrative"* (37). Kung kaya't, ang dating naisasantabi ay maibabalik na sa naratibong iyon. Mas lubusang nabibigyang halaga ang mga bagay-bagay na itinuturing na "may saysay." Isa rin itong paghamon at pagbasag sa mga "canon" ng naratibo ng kasaysayan—isang pagbasag sa mga istrukturang hegemonikal. Samakatuwid, isa itong "recuperation" at "empowerment."

Mahalaga ngayon ang kaisipang *pantayong pananaw* na inilapit ni Dr. Zeus Salazar ng Departamento ng Kasaysayan ng U.P. Bahagi ng kaisipang ito ang pagbuo ng diskursong Filipino, na dapat nakabatay at nakaugat sa ating sariling perspektibo at oryentasyon ang pagtingin sa ating kasaysayan. Hindi natin dapat hinahayaan na ang mga dayuhan ang magbigay sa atin kung ano ang ating sariling kasaysayan at karunungang pangkalinangan. Unawain ang pagpapaliwanag ni Dr. Salazar:

> Ang buod ng pantayong pananaw ay nasa panloob na pagkakaugnay-ugnay at pag-uugnay ng mga katangian, halagahin, kaalaman, karunungan, kaugalian o pag-aaral at karanasan ng isang kabuuang pangkalinangan—kabuuang nababalot sa, at ipinapahayag sa pamamagitan ng isang wika: ibig sabihin, sa loob ng isang nagsasariling talastasang diskursong pangkalinangan o pangkabihasnan. (82)

Nilalayon, kung gayon, na makabuo ng isang batayan at pinagtutumbasan kung saan ating nauunawaan ang mga diskursong

tinatalakay tungo sa pagbuo ng isang kabihasnang pangkalinangan. Sa pagkakataong ito, ang mga pananaliksik at diskurso ay mas higit na magiging makabuluhan sa mga Pilipino sapagkat naiuugnay ng bawat isa ang kanilang sarili sa mga teorya at pag-aaral na hinahain ng mga mananaliksik. Hinihingi ang ibayong pagtingin sa kasaysayan at diskurso mula sa sariling pananaw. Ibig sabihin din nito, kailangan ding magkaroon ng kritikal na pagtingin at pag-unawa sa mga kaisipang ipinapahayag mula sa iba't ibang panig.

Sa paggamit ng mga kaisipan ng "pantayong pananaw," lubos nating pinapahalagahan ang sarili nating kaalaman bilang angkop na mga kaisipan para sa konteksto natin. Sa pagbubuo ng sariling kaalaman, ating kinikilala ang sariling kakayahang mag-isip. Samakatuwid, sa pagbuo ng sariling historyograpiya, mas napapalalim natin ang sariling kabuluhan sa kasaysayan, mas higit na tumitingkad ang mga bagay-bagay na may saysay sa atin, at mas nagiging bukod-tangi ang nabubuong kamalayan ukol sa ating sariling pagkatao.

## HISTORYOGRAPIYANG ARKITEKTURAL: SAMU'T SARING METODOLOHIYA

Ang historyograpiya, tulad ng nabanggit na, ay hindi nga maituturing na obhektibo. Umaayon ang pamamaraan ng pagsalaysay sa pagkiling ng historyador—ang kanyang mga nakatagong agenda, mga kinamulatang kaisipan at ang partikular na ideolohiya. Ang gayong pagkakaiba ng pagkiling ay makikita sa iba't ibang pamamaraan ng historyograpiya. Ano nga ba ang iba't ibang pamamaraan ng historyograpiya ng arkitektura?

*Una, historical-diachronic:* Ito ang may pinakamahabang tradisyon sa pagsusulat ng kasaysayan. Dahil sa tradisyonal ding tinitingnan ang kasaysayan bilang isang linyar na kaganapan, maging ang pagsasalaysay ay isa ring mahabang linya ng pangyayari at katauhan. Sa metodong ito, ang isang bahagi ng panahon ay tumutuloy sa susunod na panahon ayon sa isang sekwensyal na pamamaraan. Kung kayat, kailangang matapos muna ang isang partikular na panahon o pangyayari, bago tumungo sa susunod na panahon. Samakatuwid ang kasaysayan ay isang linya. Halimbawa rito ang tulad sa *Tuklas Sining Series* ng Cultural Center of the Philippines at *CCP Encyclopedia of the Arts* (Tiongson: 1990).

*Ikalawa, stylistic-formalistic*: Estilo o *style* ng isang partikular na arkitektura ang nagiging pokus sa metodolohiyang ito. Ang estilo, o ang partikular na kaanyuan ng isang bagay/arkitektura, ay kinikilatis ayon na nga sa kanyang *form* o anyo maging ang mga tendensiya ayon sa mga kilusang pansining. Maaaring maging panlabas lamang ang gayong pag-imbestiga sapagkat mga panlabas na kaanyuan nga ang inuusisa. Sa isang pamamaraang stylistic-formalistic, maaari rin itong itambal sa isang diachronic-historical, sapagkat maaari rin itong tingnan bilang linyar o sekwensyal na pagbabago ng mga estilo. Gayundin ang pagtingin sa estilo, kung saan mayroong kinakailangang paglipat mula sa isang naunang uri ng estilo tungo sa isang panibagong estilo. Sa arkitektura, may mahabang tradisyon na rin ito sa kanluraning diskurso ng historyograpiyang arkitektural tulad ng aklat ni Sir Banister Fletcher.

*Ikatlo, cultural-sociological:* Sa metodong ito, ang partikular na pokus ay ang pagbubuo ng lipunan at ang pakikibagay ng tao sa kanyang kapaligiran. Binibigyang halaga dito ang mga proseso ng pagbabagong nagaganap sa lipunan. Kultural pa rin ang nagiging lapit kung saan mas nababatid ang mga transpormasyon, sa pamamagitan at pagtatagpo ng iba't ibang bahagi ng kultura. Ayon pa rin sa isang sosyolohikal na pananaw, ang isang obheto ng sining tulad ng arkitektura ay nakikita bilang isang produkto ng kaganapang sosyolohikal-antropolohikal. Halimbawa dito ay ang pagsusuring isinasagawa ni Nold Egenter ukol sa katutubong arkitektura ayon pa rin sa antropolohikal na pagkiling (Egenter: 1992).

*Ikaapat, synchronic-thematic:* Kung sa diachronic nakikita ang kasaysayan sa isang linyar na pangyayari, ang synchronic ay hindi natatali sa linyar na pagtingin datapwat bumabagtas ito ng panahon. Kung kaya't, ang mas tumitingkad na aspeto ay ang mga partikular na mga isyu at temang makikita sa pagdaan ng panahon. Samakatuwid, mas pinaiigting ang mga magkakahalintulad at magkakakawing na mga kaganapang makikita sa lahat ng kaganapan. Mas hinahanap ang mga napapasailalim na mga kadahilanan at kaganapan sa mga pangyayari. Mas kritikal itong pag-unawa sa kasaysayan, hindi lamang bilang salaysay. Halimbawa ay ang lapit na ginamit sa *Encyclopedia of Vernacular Architecture of the World*.

## ALTERNATIBONG KRITIKAL NA KATEGORYA SA HISTORYOGRAPIYANG ARKITEKTURAL

### Historyograpiyang Arkitektural: Pagbabagong-anyo ng mga Batayan

Ang historyograpiya ng arkitektura, tulad ng malawakang naratibo ng kasaysayan ng isang bansa, ay maituturing nating isang disiplina. Isa itong disiplinang bumubuo at umiinog sa diskurso, kung kaya't, hindi rin natin ito maaaring sabihing neutral at obhektibo. Marapat nating siyasatin ang kasaysayan ng arkitektura bilang isang talastasan at hindi lamang bilang isang salaysay. Samakatuwid, maaari nating tingnan ang kasaysayan at historyograpiya ng arkitektura sa mga sumusunod na balangkas.

*Una, ang historyograpiya at kasaysayan ng arkitektura ay may kaugnayan sa pagbubuo ng pagkakakilanlan ng isang bansa.* Ang paglinang ng identidad ay malapit pa rin sa usapin ng kasaysayan. Kumbaga, ang kasaysayan ng arkitektura ay maaaring tingnan sa ilalim ng lente ng identidad: ang arkitektura bilang manipestasyon ng paghahanap ng sariling pagkakakilanlan. Bukod sa kasaysayang arkitektural bilang teknolohikal na pagbabago, kultural din ang isang lagusan ng mga usapin. Sa pagtingin sa arkitektura bilang pagpapahayag ng identidad, mahalaga ang konsepto ng pagkamalikhain at sa pag-unawa ng "ahensiya" bilang kritikal na lapit. Sinisiyasat, kung gayon, ang ugnayang namamayani sa pagitan ng mga istruktura ng lipunan at ang relasyon nito sa tao at sa kanyang pagkamalikhain.

*Ikalawa, ang kasaysayan ng arkitektura, tulad sa kasaysayan ng sining, ay tinitingnan bilang manipestasyon ng ugnayan ng kasaysayan at arkitektura.* Dito, ang kasaysayan ay hindi lamang tinitingnan bilang isang tabing o *background* kung saan nagaganap ang arkitektura, bagkus ay inuunawa bilang nakapaloob sa isang dialektikal na ugnayan. Ang kasaysayan ay lumilinang sa arkitektura at ang arkitektura ay lumilinang sa kasaysayan.

*Ikatlo, historyograpiya at kasaysayan ng arkitektura bilang pagbalangkas ng mga tema at isyung lumilinang at humuhulma sa arkitektura.* Ibig sabihin nito, mayroong paglayo at pagtaliwas sa

tradisyonal na kaisipan ng kasaysayan ng arkitektura bilang "parada ng mga estilo." Tumataliwas, kung gayon, ang historyograpiya mula sa tinatawag na "master discourse" kung saan mas binibigyang halaga ang mga "masters" at ang mga "masterpieces." Ang kasaysayan ay hindi rin linyar na pagpapahayag ng mga tinaguriang "dakilang arkitektura" lamang. Ipinapalit na ang isang kritikal na lapit sa pag-unawa ng arkitektura at ang kasaysayan nito bilang mga teoretikal na kaganapan.

*Ikaapat, kasaysayan ng arkitekturang nakakonteksto sa ating sariling kondisyon at karanasan.* Kinakailangan din ngayon ang muling pag-usisa sa mga saligan at kaisipang matagal na nating tinatanggap na tama. Kung matagal na rin tayong nalulugmok sa mga kaisipang kanluranin, na maaaring patuloy na nang-aapi sa atin, ito ay dapat nang baguhin at hamunin. Umaalinsunod ito sa pagbabagong inaasam—ang paglawak ng kamalayan ukol sa sariling pagkatao at pagkamamamayan. Kaakibat ng kamalayang ito ang pagbubuo ng alternatibong mga lapit sa pagtingin at panunuri sa arkitektura.

*Ikalima, kasaysayan ng arkitektura bilang kasaysayan ng lahat.* Kaugnay pa rin sa paghamon sa pananaw ng kasaysayan ng arkitektura bilang "parada ng mga dakilang likha," ang arkitektura ay tinatanto sa isang demokratikong pananaw. Kung mas umiigpaw ang mga "dakilang arkitektura" tulad ng mga palasyo, monumento, simbahan, at mga gusaling pang-sibiko sa dating pamamaraan ng historyograpiya, ating pinapahalagahan din ang mga kaganapang pang-araw-araw/*everyday* sa usapin ng pangyayaring arkitektural. Ibig sabihin din nito, kinikilala natin ang mga tinuturing natin na mga "karaniwan" na katugunan bilang lehitimong manipestasyon ng arkitektura. Hindi lamang ang henyo o genius ang tinuturing na lehitimong bahagi ng arkitektura. Umiiwas tayo, samakatuwid, sa isang napaka-elitista na pananaw ng arkitektura at ng kasaysayan nito.

Ang pagbabago ng kaisipan at pananaw ukol sa kasaysayang arkitektural ay isang malay na pagtuklas ng mga bagong alituntunin at gabay sa pagsisiyasat ng arkitektura. Mula sa mga mapanglahat at elitista na pananaw, inililipat na natin ang kapangyarihan mula sa kamay ng kakaunti tungo sa mas nakararami. Ang rekuperasyong magaganap ay isang matagal nang hinihintay na pagbabago mula sa karanasang mapanupil at mapang-api.

## Panukalang Tema at Isyung Babagtasin: Mga Kritikal na Kategorya

Hindi rin natin maipagkakaila na mahalaga ang (popular na) lapit na historical-diachronic sa historyograpiyang arkitektural dahil sa madaling maunawaan ang isang linyar at sekwensyal na kaanyuan. Mahalaga pa rin ang stylistic-formalistic na metodolohiya, dahil nga sa tahasan nitong pagsiyasat ng isang gusali ayon sa mga elementong nandoon. Subalit, tulad ng nabanggit na rin, nagkakaroon ng limitasyon ang gayong mga metodo. Kung kaya't, ipinapahayag din ngayon ang isang lapit na binabalak na pandagdag, hindi tuluyang pamalit, sa mga nakagawian na. Samakatuwid, isa itong pagpataw ng karagdagang "sapin" sa historyograpiyang laganap at popular.

Upang mas lubusan din ang pagtalakay sa arkitektura sa pagdaan ng panahon, nakikita ang arkitektura bilang lugar na kaganapan ng iba't ibang isyu. Sa pagsipat ng kasaysayan, kinakailangang lumabas din ang mga sumusunod na tema o isyung nakikitang nagaganap sa iba't ibang panahon. Isa itong synchronic-thematic na pamamaraan. Malay itong pag-unawa ng mga isyu sa lahat ng panahon. Kaakibat pa rin ng isang synchronic na pamamaraan, o sabay-sabay na pagtingin at pag-unawa, ito ay ating pinagtatagpo, tulad sa isang *matrix*, sa iba't ibang puwersa at elementong humuhubog sa arkitektura. Tila "dialektikal" pa rin na ugnayan ang pagtatagpo dito. Sa isang dialektikal na ugnayan, ang isang elemento ay hindi lamang naggagawad ng epekto sa isa pang entidad, datapwat, ang pangalawang entidad ay mayroon ding iginagawad na pagbabago sa naunang elemento. Ang kaibahan nga lang dito, hindi lang dalawang entidad ang nasasangkot bagkus ay isang kalipunan ng mga puwersa. Marahil, maaari rin nating unawain ito ngayon bilang isang sapot o web (tulad ng sa gagamba) na magkakaugnay. Hindi lamang basta magkakaugnay, sapagkat sa sandaling may gumalaw sa isang bahagi, apektado ang iba pang bahagi ng sapot sa galaw na iyon. Magkakaugnay, magkakadaop, at magkakawing-kawing ang mga isyu at temang ito bilang mga puwersang may kabuluhan sa penomenong arkitektural.

Anu-ano ngayon ang mga tema at isyung maaari nating gamitin bilang mga kritikal na mga kategorya sa pag-unawa ng arkitektura?

*Una, ang arkitektura bilang pagtatakda ng lunan.* Ang arkitektura, bilang isang penomenon ng espasyo, ay hindi lamang tumutukoy sa kung anu-ano ang ating ginagamit sa paglalahad ng hangganan ng espasyo. Bukod dito, maaari rin nating unawain ang arkitektura ayon sa mga pagpapahayag ng lugar, kung paano ito ginagamit bilang pagtatakda ng lugar. Ang pagtatakda ng lugar ay isang penomenon kung saan gumagamit tayo ng iba't ibang materyales at elemento upang ipakita na ang isang lugar ay mahalaga sa atin. Mahalaga dito ang konsepto ng "lunan" laban sa "lugar." Ang "lugar" ay tumutukoy sa partikular na espasyo, subalit kapag ito ay naging "lunan," nangangahulugang may partikular na kabuluhan ang espasyo. Nagiging bukod-tangi ang lunan sa ibang lugar dahil sa halagang iginagawad natin dito. Samakatuwid, lahat ng "lunan" ay "lugar," subalit hindi lahat ng "lugar" ay "lunan." Makikita natin ito sa kaanyuan ng mga monumento, mga lagusan/ gateways, mga libingan, mga lugar-pulungan bilang mga pisikal na manipestasyon nito.

Bukod sa mga pisikal na istruktura (tulad ng mga monumento), kasapi pa rin ang mga istrukturang hindi permanente, o yaong mga temporaryong istruktura na tinatayo kapag may partikular na



*Dap-ay, Bontok, Cordillera.* Bagaman sa unang tingin ay hindi agad iisipin na ang dap-ay ay arkitektura dahil sa hindi ito gusali, mahalagang unawain ang espasyong ito bilang lugal-pulungan ng mga konseho ng nakakatanda sa Bontok, Cordillera. Ang espasyong ito, bilang kaganapan ng mahalagang pagpapasya at talakayan ng lipunan ng mga Bontok, ang dap-ay ay nagsisilbing mahalagang lunan sa sistemang kultural ng mga tao. (Larawan mula sa *Folk Architecture* ni Perez, Encarnacion, at Dacanay)

pangyayari o okasyong ipinagdiriwang. Samakatuwid, ang arkitektura ay hindi lamang binubuo ng mga permanenteng istruktura, bagkus, ito ay sinasamahan ng mga temporaryong istruktura din. Halimbawa ay ang mga arko sa piyesta at ang mga ipinagdirikit na mga bato upang makabuo ng isang bilog bilang lugal-pulungan ng mga matatanda (tulad ng dap-ay). Mahalaga ang mga ito, hindi lamang bilang mga pisikal na istruktura, kundi, sa mas mataas na antas, bilang mga istruktura ng gunita *(memory structures)*. Sa pag-unawa ng mga memory structures na ito, pinapatingkad natin ang operasyon ng paggawad ng gunita at ala-ala bilang mahalagang puwersa sa pagbubuo ng arkitektura.

*Ikalawa, ang arkitektura bilang pag-aangkop at pakikibagay sa kapaligiran.* Alam din naman natin na ang kapaligiran ay isang malaking puwersa sa pagbubuo ng arkitektura. Subalit dito, mas inuunawa natin ang arkitektura hindi lamang bilang isang pasibong entidad na nagbabago lamang ayon sa mga hagupit ng panahon, bagkus bilang isang entidad na nagsisilbing tagapamagitan (o *mediator)* rin sa pagitan ng kapaligiran at tao. Kung gayon, nakikita



*Tahanan ng mga Badjao, Tawi-Tawi.* Mamamalas natin sa mga tahanan ng Badjao ang arkitektura bilang pakikibagay sa kapaligiran. Sa dahilang nasa dagat, ang tahanan ay nagsisilbing tagapamagitan sa tao at kapaligiran. Ang karagatan ay nagbibigay ng bukod-tanging kondisyon at sitwasyong nag-uudyok sa taong bumuo ng karampatang katugunan.Dito, ang pagtayo ng bahay sa mga poste sa ibabaw ng tubig ay manipestasyon ng gayong pag-unawa sa kapaligiran.(Larawan mula sa *Folk Architecture* ni Perez, Encarnacion, at Dacanay)

ayon sa mga pag-aangkop at pakikibagay na ginagawa ng tao upang siya ay mabuhay ang arkitektura. Sa pagsisiyasat ng gayong mga pag-aangkop, mahihinuha natin na ang tao ang nakikibagay sa kapaligiran at ang arkitektura ay isang manipestasyon ng pakikibagay.

Kawaksi ng ganitong kritikal na kategorya, ang pagturing sa arkitektura bilang mga katugunan o paghahanda sa kapaligiran. Ang istruktura ba ay sumusunod sa dikta ng panahon? Paano nakikibagay ang tao? Anu-ano ang mga teknolohiyang ginagamit sa pag-aangkop? Paano nagbago ang kaisipan ng tao ukol sa kaniyang pakikisalamuha sa kapaligiran? Ilan lang ito sa mga katanungang tinatangkang sagutin ng temang ito. Makikita natin ang gayong mga ugnayan halimbawa sa mga teknolohiyang pasibong pagpapalamig, mga proteksyon laban sa araw at ulan, iba't ibang kaanyuan ng mga tahanan ayon na rin sa iba't ibang lugal na pinagtatayuan ng bahay (sa dagat, sa bundok, sa parang, sa may ilog, sa may pampang, sa burol), at iba't ibang sistema ng pakikibagay sa lindol .

*Ikatlo, ang arkitektura bilang proseso ng pagkamalikhain.* Ang arkitektura ay hindi lamang dapat makita bilang isang produkto o huling bagay na kahihinatnan. Hindi natatapos ang arkitektura sa gusaling itinatayo. Kung isang proseso ang pag-unawa sa arkitektura, lubos nating kinikilala ang dinamikang kaganapan sa arkitektura. Sa kategoryang ito, pinapahalagahan din natin ang proseso ng pagkamalikhaing nagaganap sa arkitektura. Ang arkitektura ay hindi lamang sumusulpot ng walang kaanu-ano. Sumasailalim ito sa isang mahabang proseso ng pag-unawa, pagdisenyo, pag-angkop at pakikibagay hanggang sa maging isang ganap na produkto. Ang pagkamalikhain, o ang kakayahan at kagalingan ng isang tao na makapag-isip at makabuo ng bagay-bagay mula sa mga umiiral na, ay ituturing natin bilang isang mahalagang puwersa sa arkitektura.

Paano ginamit ng tao ang mga laganap na materyales (tulad ng kahoy, bato, at kawayan) bilang pangunahing materyales sa arkitektura? Ano ang pagbabagong-anyo na naganap nang pumasok sa Pilipinas ang iba't ibang estilo mula sa Europa? Anu-ano ang naganap na transpormasyon ng mga programang dayuhan sa atin nang ito ay dinala ng mga mananakop? Paano natin binabago at inaangkop ang isang gusali sa pagdaan ng panahon? Samakatuwid, hindi lamang isang bulag na pangongopya o paggaya ng mga estilo mula sa mga dayuhang simulain ang pagkamalikhain ng isang tao.

Bagkus, ang arkitektura ay nakikita bilang lunan ng pagtatagpo ng mga kultura kung saan ang tao ay may malikhaing kakayahang baguhin, angkinin, at mamagitan sa mga estilong gayon. Malinaw din, sa pagkakataong ito, na ang mga estilong Europeo (tulad ng Art Deco, Neoclassicism, at Gothic) na dumating sa Pilipinas, ay masasabing kamukha o tahasang pangongopya, datapwat bumubuo na rin ng kanilang sariling diskurso at talastasan. Matatampok sa kategoryang ito, kung gayon, ang kagalingan ng mga Filipino na makibagay sa iba't ibang puwersang sosyo-kultural na pagtatagpo na nagaganap sa iba't ibang panahon.

*Ikaapat, ang arkitektura bilang pamamaraan ng pagbibigay ng kahulugan.* Ang arkitektura ay hindi lamang isang sisidlang neutral. Sa pagsambit natin nito, ang arkitektura ay marapat na tingnan bilang may subhetong pagkiling. Sa mga pagkiling na ito, nagkakaroon ng sistema ng signipikasyon. Samakatuwid, ang arkitektura ay isang kaganapan ng kahulugan. Kahulugan at kabuluhan, tulad ng ugnayan nito sa kasaysayan, ang tumutukoy sa mga bagay-bagay na nagbibigay ng saysay sa atin. Ang isang bagay ay mahalaga, maaaring dahil sa gunitang idinudulot nito, o dili kaya'y dahil sa ikinakabit na karanasan natin dito. Sa arkitektura, makikita natin ito sa kaanyuan ng mga ikonograpiya at simbolong ginagamit ng tao, ang mga kahulugang ikinakabit sa mga partikular na elemento ng isang istruktura o gusali, at ang mga kagamitang kultural na mamamalas natin mula sa arkitektura.

Ang artikulasyon ay isang mahalagang bahagi ayon sa kategoryang ito. Ang artikulasyon ay ang pamamaraan ng pagpapahayag o ekspresyon ng mga materyales, konstruksyon, pagbubuo, detalye, maging ang paggamit ng mga palamuti at dekorasyon. Mamamalas natin dito na ginagamit ang samu't saring elemento ng arkitektura upang ipahayag ang sinasaloob na mga kaisipan, pagpapahalaga, adhikain, kuwento, alamat, at mito ng taga-disenyo at gumagamit ng arkitektura. Muli, ang konsepto ng "kahulugan" ay hindi lamang nakasalalay sa iisang grupo, bagkus ay mas nakikita sa malawakang tendensiya nito. Samakatuwid, ang pagpapataw ng kahulugan ay isang demokratikong kaganapan. Lahat ay maaaring makapagbigay ng kani-kanilang mga kahulugan.

*Ikalima, ang arkitektura bilang espasyo ng dinamika ng kapangyarihan.* Ang *power relations* o ang ugnayan ng mga entidad sa isa't isa ayon sa usapin ng naghaharing-uri at ang nasasakupan ay

isang masalimuot pa rin na usapin. Sa pamamagitan ng kritikal na lapit na ito, muling nakikita ang arkitektura hindi bilang isang neutral na kaban. Sa pagkilala ng arkitektura bilang ganito, mas umiigpaw ang kaganapan kung paano ang isang entidad o grupo ng tao ay napapasailalim sa kapangyarihan ng ibang tao at ang nagiging manipestasyon nito sa pisikal na mga kaayusan.

Halimbawa sa lapit na ito ang mga tanong: Paano ginagamit ang arkitektura upang ipalaganap ang isang kaayusang sosyal? Paano naipapatupad ang kaayusan ng isang pamahalaan sa pamamagitan ng arkitektura? Sa anong pamamaraan nagkaroon ng pagtagpo sa pagitan ng kapangyarihang kolonisador at ng katutubong puwersa? Sa pagdating ng mga kolonisador, paano itinalaga ang kaayusan? Kinikilala natin na walang tunay na "pagkakapantay-pantay," bagkus ay mayroong asimetrikong pagpapalaganap ng kapangyarihan. Maaaninag natin ito sa mga kaanyuan ng mga gusaling pampamahalaan, mga istrukturang kolonyal, mga pagtatakda ng ayos, mga operasyon ng pagbabanta at pananakot sa pamamagitan ng kaayusan ng gusali at daanan, at iba pa. Sa usapin ng kapangyarihan, dapat nating isipin hindi lamang kung paano ang arkitektura ay nagiging kasangkapan ng panunupil, kundi,



*Simbahan sa Miag-Ao, Iloilo.* Ang simbahan ay simbolo ng kapangyarihang ipinataw sa pagdating ng mga kolonisador na Kastila. Nagsisilbing sentro ng kaayusang panlipunan ng mga Pilipino sa kapatagan, ang simbahan ay hindi lamang lugar ng pagsamba, kundi isang lunan ng pagtutunggaliang politikal at sosyal simula pa noong ikalabing-anim na siglo magpasahumanggang ngayon.(Larawan mula sa *Tuklas Sining Series* ng CCP, 1992)

sa mas mahalaga pa ring pagkakataon, kung paano ito ay nagiging kasangkapan ng rekuperasyon at pagliligtas. Bukod sa pagpapataw ng kapangyarihan at kaayusan, mahalaga ding makita kung paano ang tao ay lumalaban at nakikipagtunggali sa puwersang mapanupil. Samakatuwid, ang arkitektura ay sabay na nagsisilbi bilang instrumento ng panunupil at pakikibaka.

Tulad ng nabanggit na rin, isa lamang itong panimulang pagtuklas ng alternatibong pamamaraan sa historyograpiyang arkitektural, kung kaya't magkakaroon pa rin ng lubusang pagsisiyasat at pag-uusisa kapag lumaon. Ang mga ipinahayag ding mga kritikal na mga kategorya ay ilan lamang sa mga isyung maaring bagtasin. Marami pa rin ang puwedeng buuin ng mga lapit at kategoryang gagamitin sa pag-unawa ng penomenon at kaganapang arkitektural sa Pilipinas.

## PAGLALAGOM

Ipinahayag na rin ng papel na ito ang pagtatagpo ng usaping postcolonial at historyograpiya sa Arkitekturang Filipino. Sa pamamagitan ng usaping postcolonial, ating kinikilala ang mga operasyon ng rekuperasyon, pagliligtas at pagdagit ng kapangyarihan bilang mga lapit sa usapin ng kasaysayan. Pinahayag dito ang alternatibong istruktura at batayang kaisipan ng synchronic-thematic bilang kritikal na lapit sa historyograpiyang arkitektural. Isiniwalat din dito ang mga kritikal na kategorya sa arkitektura na maaaring gamitin: ang arkitektura bilang pagtatakda ng lunan, ang arkitektura bilang pag-aangkop at pakikibagay sa kapaligiran, ang arkitektura bilang proseso ng pagkamalikhain, ang arkitektura bilang pamamaraan ng pagbibigay ng kahulugan, ang arkitektura bilang espasyo ng dinamika ng kapangyarihan. Sa pagbibigay ng alternatibong lapit sa historyograpiya, nilalayon ang lubusang pag-unlad ng kritikal na kakayahan ng historyador sa pag-unawa ng Arkitekturang Filipino.

Mula pa rin sa gayong mga katotohanan, ang Arkitekturang Filipino ay tinitingnan na rin na may ibayong pagsusuri ng pananaw at kaisipan. Nagkakaroon ng paglipat mula sa Arkitekturang Filipino bilang isang produkto lamang tungo sa isang proseso na dinamika. Kaakibat din dito ang Arkitekturang Filipino, hindi lamang bilang

huling produkto, bagkus ay isang continuum, kung kayat patuloy pa rin ang pagbabago at ang pagtuklas dito. Samakatuwid, hindi pa rin tapos ang laban. Ang Arkitekturang Filipino ay iniisip din ngayon hindi lamang bilang pagtamo ng isang estilo. Mas marapat itong tingnan bilang dinamikang pagtuklas ng identidad ayon na rin sa mga kaganapan ng pagtatagpo, pagpamamagitan, at pagbabagong-anyo. Hindi rin ito isang pasibo at neutral na kaban bagkus ito ay isang subhektibong penomenon na nakikibahagi sa mga kaganapan at impluwensiya. Hindi rin ito isang obhetong pasibo na tumatanggap ng kung anu-anong impluwensiya kundi isang lunan ng transpormasyon. Mula sa isang mapaniil at mapanupil na pananaw, ang arkitektura ay ating inililigtas mula sa pagkatanikala nito sa kamangmangan at panlilinlang tungo sa isang kritikal at mapagpalayang kaganapan. Ang Arkitekturang Filipino ay hindi natin dapat piliting abutin at buuin. Ang Arkitekturang Filipino ay kusang magaganap na lamang.

Sa kabuuan, ang pag-unawa sa Arkitekturang Filipino bilang dinamikong penomenon ay nangangailangan ng hustong pag-unawa at pagsasakonteksto ng panlipunan, pisikal, at kultural na kapaligiran. Sa dahilang ang Arkitekturang Filipino ay binubuo nating lahat na mga Filipino, bahagi at kaakibat tayo sa pagbubuo ng ating sariling kapaligiran at kinabukasan. Hindi maipagkakaila na ang Arkitekturang Filipino ay marapat na magsilbing lunan ng karanasan, daluyan ng kalayaan, at instrumento ng pagbabago para sa ating Inang Bayan.

## TALASANGGUNIAN


Abueva, Jose. "Filipino Nationalism: Meanings, Goals and Relevance." *Nasyonalismong Filipino: Sari-Saring Kahulugan, Patuloy at Nagbabagong mga Layon at Dumadaloy na Ugnayan*. Ed. Jose Abueva. Quezon City: U of the Philippines P, 1998. 40-3.

- - - , ed. *Nasyonalismong Filipino: Sari-Saring Kahulugan, Patuloy at Nagbabagong mga Layon at Dumadaloy na Ugnayan*. Quezon City: U of the Philippines P, 1998.

Alarcon, Norma. *Philippine Architecture During the Pre-Spanish and Spanish Periods*. Manila: Santo Tomas UP, 1991.

Alcudia, Paterno. "Can We Develop a Native Architecture." *PIA Journal* (1966): 40-3.

Almario, Virgilio. "Ang Filipino sa Kritisismong Filipino." *Daluyan* VIII.4 (1997): 323-30.

Azurin, Arnold. "Unraveling the Knots of Ethnicity." *Reinventing the Filipino Sense of Being*. Quezon City: U of the Philippines P, 1995. 11-9.

Bhaba, Homi. "Postmodernism/Postcolonialism." *Critical Terms for Art History*. Eds. Robert Nelson at Richard Schiff. Chicago: U of Chicago P, 1992. 307-22.

Cairns, Stephen. "Re-surfacing: Architecture, Wayang and the Javanese House." *Postcolonial Space(s)*. Eds. Gulsum Badyar Nalbontoglu at Wong Chai Thai. Princeton: Princeton Architectural P, 1997. 73-88.

Carrier, David. "Art History." *Critical Terms for Art History*. Eds. Robert Nelson at Richard Schiff. Chicago: U of Chicago P, 1992. 129-41.

Chaterjee, Partha. "National History and Its Exclusions." *Nationalism*. Eds. John Hutchinson at Anthony Smith. Oxford: Oxford UP, 1994. 209-14.

Childs, Peter at R. J. Patrick Williams. *An Introduction to Post-Colonial Theory*. London: Prentice-Hall, 1997.

Covar, Prospero. "Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Filipino." *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture*. Manila: National Commission for Culture and the Arts, 1998. 9-19.

Datuin, Flaudette May. "Critical Categories as Social Categories." *Art Criticism Workshop: Writing in Context, Context in Writing*. Manila: National Commission for Culture and the Arts, 1998. 33-43.

De Leon Jr., Felipe. "The Unity of Spatial Concepts in Philippine Architecture and Other Arts." *National Symposium on Filipino Architecture and Design*. Sentro ng Arkitekturang Filipino. 7-9 Dec. 1995. 141-73.

Egenter, Nold. *Architectural Anthropology Research Series – Volume 1: The Present Relevance of the Primitive in Architecture*. Laussane, Switzerland: Structura Mundi P, 1992.

Encarnacion-Tan, Rosario. "Appreciating Perceptions of Filipino Space." *National Symposium on Filipino Architecture and Design*. Sentro ng Arkitekturang Filipino. 7-9 Dec. 1995. 133-40.

Enriquez, Virgilio and Jasmin Espiritu Acuña. "Ang Pilipino Kung Mangatwiran: Pagpapahayag at Batayan." *Edukasyon UP-ERP Monograph Series, Vol. 1 No. 3.* U of the Philippines Education Research Program. Center for Integrative & Development Studies, 1985. 67-95.

Fajardo, Brenda. "Pag-unawa sa Espasyong Filipino." *National Symposium on Filipino Architecture and Design*. Sentro ng Arkitekturang Filipino. 7-9 Dec. 1995.

Fernandez, Honrado. "Social Dynamics, Aesthetics and Urban Spaces." *National Symposium on Filipino Architecture and Design*. Sentro ng Arkitekturang Filipino. 14-15 Oct. 1998.

Flores, Patrick. "Ang Sining sa Sineng Filipino." *Daluyan* VIII. 4 (1997): 411-19.

- - -. "Approaches to Contemporary Criticism." *Art Criticism Workshop: Writing in Context, Context in Writing.* Manila: National Commission for Culture and the Arts, 1998. 25-32.

- - -. "Theoretical Approaches to the Humanities." *Humanities: Art And Society Handbook.* CHED & CAL Foundation, 1998. 34-45.

- - -. *Painting History: Revisions in Philippine Colonial Art.* Quezon City: Office of Research Coordination, U of the Philippines & National Commission for Culture and the Arts, 1998.

- - -. "Towards A Southeast Asian Art History and Regional Aesthetics: Some Preliminary Parameters." Unpublished manuscript. 1999.

- - - at Cecilia Sta. Maria de la Paz. *Sining at Lipunan.* Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, U of the Philippines, 1997.

Geertz, Clifford. "Art as a Cultural System." *Local Knowledge.* Harper Collins, 1983.

Gellner, Ernest. "Nationalism and High Cultures." *Nationalism.* Eds. John Hutchinson at Anthony Smith. Oxford: Oxford UP, 1994. 63-70.

Goquinco, Leonor Orosa. "Pride in Being Filipino, Cultural Awareness and National Development: Felipe de Leon Jr." *Nasyonalismong Filipino: Sari-Saring Kahulugan, Patuloy at Nagbabagong mga Layon at Dumadaloy na Ugnayan.* Ed. Jose Abueva. Quezon City: U of the Philippines P, 1998. 34-5.

Guillermo, Alice. "Identity: Stasis or Struggle." Unpublished manuscript. 1999.

Hutchinson, John. "Cultural Nationalism and Moral Regeneration." *Nationalism.* Eds. John Hutchinson at Anthony Smith. Oxford: Oxford UP, 1994. 122-31.

Klassen, Winand. *Architecture in the Philippines: Filipino Building in a Cross-Cultural Context.* Cebu: U of San Carlos, 1986.

Lichauco, Danilo. "A Comparative Analysis of Western and Philippine Spatial Systems: Towards the Development of Philippine Architecture." *National Symposium on Filipino Architecture and Design.* Sentro ng Arkitekturang Filipino. 7-9 Dec. 1995.

Locsin, Leandro. "Cultural Nationalism is Concerned with the Expression of a People's Soul." *Nasyonalismong Filipino: Sari-Saring Kahulugan, Patuloy at Nagbabagong mga Layon at Dumadaloy na Ugnayan.* Ed. Jose Abueva.Quezon City: U of the Philippines P, 1998. 714-6.

- - -. "Nationalism and Architecture." *Nasyonalismong Filipino: Sari-Saring Kahulugan, Patuloy at Nagbabagong mga Layon at Dumadaloy na Ugnayan.* Ed. Jose Abueva. Quezon City: U of the Philippines P, 1998. 709-13.

Loomba, Ania. *Colonialism/Postcolonialism.* London: Routledge, 1998.

Maceda, Teresita. "Creative Intervention: Towards a People's Alternative Culture." *Nasyonalismong Filipino: Sari-Saring Kahulugan, Patuloy at Nagbabagong mga Layon at Dumadaloy na Ugnayan*. Ed. Jose Abueva. Quezon City: U of the Philippines P, 1998. 680-6.

Mc Leod, Mary. "Everyday and 'Other' Spaces." *Architecture and Feminism*. Eds. Debra Coleman, Elizabeth Danze, at Carol Henderson . Princeton: Princeton Architectural P, 1996. 1-37.

Nadera, V. E. Carmelo Jr. "Ang Identidad ng Arte: Ang Aydentiti ng Sining ni Lolo Pepe." *Daluyan* VIII.4 (1997): 371-409.

Nalbontoglu, Gulsum Badyar at Wong Chai Thai, eds. *Postcolonial Space(s)*. Princeton: Princeton Architectural P, 1997.

Nalbontoglu, Gulsum Badyar. "Writing Postcoloniality in Architecture: Discovering Sir Banister Fletcher's History of Architecture." *Journal of Southeast Asian Architecture* 1 (1996). 3-11.

Nelson, Robert at Richard Schiff , eds. *Critical Terms for Art History*. Chicago: U of Chicago P, 1992.

Nuttgens, Patrick. *The Story of Architecture*. London: Phaidon P, 1983.

Patajo-Legasto, Priscelina, ed. *Filipiniana Reader*. Quezon City: U of the Philippines Open U, 1998.

Perez III, Rodrigo, Rosario S. Encarnacion, at Julian Dacanay. *Folk Architecture*. Quezon City: GCF Books, 1989.

Prakash, Vikramaditya. "Identity Production in Postcolonial Indian Architecture: Re-covering What We Never Had." *Postcolonial Space(s)*. Eds. Gulsum Badyar Nalbontoglu at Wong Chai Thai. Princeton: Princeton Architectural P, 1997. 39-52.

Roxas-Tope, Lily Rose. *(Un)Framing Southeast Asia: Nationalism and the Postcolonial Text in English in Singapore, Malaysia and the Philippines*. Quezon City: Office of Research Coordination, U of the Philippines, 1998.

Said, Edward. *Orientalism*. London: Penguin Books, 1973.

Salazar, Zeus. "Pantayong Pananaw: Isang Paliwanag." *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan*. Eds. Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan. Mandaluyong City: Palimbagang Kalawakan, 1997.

Santos, Vic at Luningning Santos. *English-Pilipino Dictionary*. Pasig City: Anvil Publishing, 1995. 55-65.

Tiongson, Nicanor, ed. *CCP Encylopedia of Philippine Art, Volume III: Philippine Architecture*. Manila: Cultural Center of the Philippines, 1990.

Tolentino, Rolando. "Sa Loob at Labas ng Mall Kong Sawi, Kaliluha'y Siyang Naghahari: Ang Kulturang Popular Bilang Teksto." *Daluyan* VIII.4 (1997): 355-70.

Veneracion, Jaime. "Ang Kasaysayan sa Kasalukuyang Henerasyon." *Kasaysayan at Kamalayan: Mga Piling Akda Ukol sa Diskursong Pangkasaysayan*. Eds. P, 1998. 1-14.

Yap, David Leonides. "Transformation of Space in Philippine Traditional Houses: Studies in Morphology of Space from the Prehistoric to American Period." *National Symposium on Filipino Architecture and Design*. Sentro ng Arkitekturang Filipino. 7-9 Dec. 1995.

***Edson Roy G. Cabalfin** is a teaching associate at the College of Architecture. He is an architect by profession as well as a fashion, graphics, and stage designer. He is currently finishing his thesis for a master's degree in Architecture. He was curator and lecturer of a roving exhibit entitled "Arkitekturang Filipino: Spaces and Places in History" for which this article served as a critical framework.*